Learn About Lead in Remedies

Protect Your Family from Lead Poisoning

Many remedies have lead in them that can hurt your child. You cannot tell by looking at or tasting a remedy if it has lead in it.

What are Remedies?

- Remedies are known as traditional, alternative, natural, or herbal medicine that are used across the world for many reasons.
- Remedies can have herbs, minerals, metals, or animal products in them.
- Lead and other metals are sometimes put into remedies on purpose or can get into remedies during grinding, coloring, from the packaging, or if the ingredients are grown in soil with lead in it.

Can Lead in Remedies Hurt My Child?

Lead in remedies or from other sources can hurt your child or unborn baby's growth and development. It can also make it hard for your child to learn and pay attention

How Do I Know if My Child has Lead Poisoning?

Most children with lead poisoning do not look or act sick. The only way to know if your child has lead poisoning is to get a blood test for lead. If you think your child has been given one of these remedies, ask your child's doctor to test your child for lead, or reach out to your local Childhood Lead Poisoning Prevention Program (CLPPP) for more information.

Common Remedies that Contain Lead



- **Greta and Azarcon** (also known as Alarcon, Coral, Luiga, Maria Luisa, or Rueda) are fine powders used in Latino cultures for upset stomach and other illnesses. The powders are often yellow, orange, and/or red and have been found to contain up to 90% lead.
- **Kohl and Surma** are black powders used in South Asian and Middle Eastern cultures mainly as a cosmetic, but also on the navel of a newborn child as a medicine to treat skin infections.
- **Pay-loo-ah** is a red powder used in Southeast Asian countries to treat children with rash or high fever.

More Remedies that Contain Lead

	Remedy:	Used for:
Latin America	Albayalde, Albayaidle	"Empacho" (vomiting, colic, apathy, lethargy)
	Azarcon, Alarcon, Coral, Greta, Luiga, Maria Luisa, Rueda	Stomach ache
	Litarigiro	Antiperspirant and deodorant
Middle East	Anzroot	Vomiting, diarrhea
	Bint al Zahab, Bint, Bend Dahab	Diarrhea, colic, constipation, general newborn use
	Bokhoor	Calming fumes
	Cebagin Santrinj, Farouk	Teething powder
	Esfand	General health, protect against evil eye
	Jawani Badeyan	Stomach ache, nausea, digestion
	Kajal, Kwalli, Kohl, Al-Kahl, Saoott, Surma, Tiro, Tozali	Cosmetic; astringent for eye injury, umbilical stump, teething powder; protect against evil eye
	Lozeena	Food coloring
Asia	Ba Bow Sen	Hyperactivity, nightmares in children
	Daw tway	Digestion
	Hai Ge Fen	Digestive & stomach problems
	Pay-loo-ah	Rash, high fever
	Po Ying Tan	Minor illness in children

continued on next page

	Remedy:	Used for:
India	Bala goli/fita	Stomach ache, dissolved in "gripe water"
	Balguti Kesariya	Rickets, cough/cold, worms, teething, digestion
	Deshi Dewa	Fertility
	Gashard, Kandu, Bali Gali	Digestion, stomach ache
	Ghutti	Indigestion, vomiting, teething, flatulence
	Kushta	Disease of the heart, brain, liver, stomach
	Pushpadhanwa	Fertility

For more information, visit go.cdph.ca.gov/LeadFreeKids or contact:

CDPH California Department of Public Health

Adapted with permission from Orange County CLPPP
10/2024 © 2024, California Department of Public Health

Alamin ang Tungkol sa Tingga sa mga Panlunas

Protektahan ang Iyong Pamilya laban sa Pagkalason sa Tingga

Maraming mga remedyo ang may taglay na tingga na maaaring makasama sa iyong anak. Hindi mo malalaman sa pamamagitan ng pagtingin o pagtikim ng isang gamot kung ito ay may tingga.

Ano ang mga Panlunas?

- Ang mga panlunas ay kilala bilang tradisyonal, alternatibo, natural, o halamang gamot na ginagamit sa buong mundo para sa iba't ibang dahilan.
- Maaaring maglaman ang mga panlunas ng mga halamang-gamot, mineral, metal, o produktong mula sa hayop.
- Ang tingga at iba pang mga metal ay minsan sinasadyang ilagay sa mga gamot o maaaring mapunta sa mga gamot habang giniling, nilalagyan ng kulay, mula sa pag-iimpake, o kung ang mga sangkap ay itinanim sa lupa na may taglay na tingga.

Maaaring Bang Makasama sa Aking Anak ang Tingga sa mga Gamot?

Ang tingga mula sa mga panlunas o iba pang pinagkukunan ay maaaring makasama sa paglaki at pag-unlad ng iyong anak o ng iyong dinadalang sanggol. Maaari rin nitong gawing mahirap para sa iyong anak na matuto at magbigay-atensyon

Paano Ko Malalaman Kung May Pagkalason sa Tingga (Lead Poisoning) ang Aking Anak?

Karamihan sa mga batang may pagkalason sa tingga (lead poisoning) ay hindi mukhang may sakit o nagpapakita ng sintomas. Ang tanging paraan upang malaman kung may pagkalason sa tingga ang iyong anak ay sa pamamagitan ng pagpapakuha ng blood test para sa tingga. Kung sa tingin mo ay nabigyan ang iyong anak ng isa sa mga remedyo na ito, kumonsulta sa doktor ng iyong anak upang magpasuri para sa tingga, o makipag-ugnayan sa inyong lokal na Programang Pang-iwas sa Pagkalason sa Tingga sa mga Bata (Childhood Lead Poisoning Prevention Program) (CLPPP) para sa karagdagang impormasyon.

Karaniwang mga Gamot na Naglalaman ng Tingga



- Greta at Azarcon (kilala rin bilang Alarcon, Coral, Luisa, Maria Luisa, o Rueda) ay mga pinong pulbos na ginagamit sa mga kulturang Latino para sa pananakit ng tiyan at iba pang mga karamdaman. Ang mga pulbos ay kadalasang dilaw, kahel, at/o pula at natuklasang naglalaman ng hanggang 90% tingga
- Ang Kohl at Surma ay mga itim na pulbos na ginagamit sa mga kultura ng Timog Asya at Gitnang Silangan, pangunahing bilang pampaganda, ngunit ginagamit din sa pusod ng bagong silang na sanggol bilang gamot para gamutin ang mga impeksyon sa balat.
- Pay-loo-ah ay isang pulang pulbos na ginagamit sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya upang gamutin ang mga bata na may pantal o mataas na lagnat.

Iba Pang Mga Panlunas na Naglalaman ng Tingga

	Lunas:	Ginagamit para sa:
Latin Amerika	Albayalde, Albayaidle	"Empacho" (pagsusuka, kabag, kawalan ng gana, pagkapagod)
	Azarcon, Alarcon, Coral, Greta, Luisa, Maria Luisa, Rueda	Pananakit ng tiyan
	Litarigiro	Panlaban sa pawis at desodorante
Gitnang Silangan	Anzroot	Pagsusuka, pagtatae
	Bint al Zahab, Bint, Bend Dahab	Pagtatae, kabag, paninigas ng dumi, pangkalahatang gamit para sa bagong silang na sanggol
	Bokhoor	Nakakakalma na usok
	Cebagin Santrinj, Farouk	Pulbos para sa pagngingipin
	Esfand	Pangkalahatang kalusugan, proteksyon laban sa masamang mata
	Jawani Badeyan	Sakit ng tiyan, pagduduwal, pagtunaw ng pagkain
	Kajal, Kwalli, Kohl, Al-Kahl, Saoott, Surma, Tiro, Tozali	Kosmetiko; astringente para sa pinsala sa mata, pusod ng sanggol, pulbos para sa pagngingipin; proteksyon laban sa masamang mata
	Lozeena	Pangkulay ng pagkain
Asya	Ba Bow Sen	Hiperaktibidad, mga bangungot sa mga bata
	Daw tway	Pagtunaw ng pagkain
	Hai Ge Fen	Mga problema sa pagtunaw at tiyan
	Pay-loo-ah	Pantal, mataas na lagnat
	Po Ying Tan	Banayad na karamdaman sa mga bata

itutuloy sa susunod na pahina

	Panlunas:	Ginagamit para sa:
India	Bala goli/fita	Sakit ng tiyan, tinunaw sa "tubig na pampawala ng kabag ng sanggol" (gripe water)
	Balguti Kesariya	Rakitis (rickets), ubo/sipon, bulate, pagngingipin, pagtunaw ng pagkain
	Deshi Dewa	Pagkamayabong
	Gashard, Kandu, Bali Gali	Pagtunaw ng pagkain, pananakit ng tiyan
	Ghutti	Hindi natutunawan, pagsusuka, pagngingipin, kabag
	Kushta	Sakit sa puso, utak, atay, tiyan
	Pushpadhanwa	Pagkamayabong

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang go.cdph.ca.gov/LeadFreeKids o makipag-ugnayan sa:

CDPH California Department of Public Health

(Tagalog)

Inangkop nang may pahintulot mula sa Orange County CLPPP
10/2024 © 2024, Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California